International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

# Travelog: Hidden Treasures in the Empire of Cotabato Through the Lens of a Filipino Teacher

**Ma. Ana Carla C. Perez**
SHS Teacher II
Sto. Niño National High School– Sto. Niño, South Cotabato, Philippines
mariacarla1986.perez@gmail.com

**Armando, Jr. A. Dardo, EdD**
Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
armandodardo@sksu.edu.ph

## Abstract

The research titled Travelog: Hidden Treasures in the Empire of Cotabato Through the Lens of a Filipino Teacher aims to examine the reactions of netizens to a travelogue shared on a social media platform, one hour, one day, and one week after its publication. Using the qualitative method of photo-elicitation, the researcher discussed the hidden treasures in the Empire of Cotabato, such as waterfalls, resorts, and other natural landscapes featured in the travelogue, to understand how these were received by netizens. Based on the research results, the travelogue received high ratings in terms of quality, with the expression of ideas achieving the highest mean score of 4.80 (SD=0.40), followed by relevance and content. Overall, the travelogue received a descriptive rating of "Highly Acceptable," with a total mean score of 4.59 (SD=0.56), indicating the high quality of the travelogue's creation.

In discussing the reactions of the netizens, the data showed a rapid increase in the number of likes, hearts, shares, views, and comments from one hour, one day, and one week. After one week, the post had garnered 122 likes, 405 hearts, and 13,332 views, indicating continued interest and active participation from the public. These reactions reflect the successful dissemination of information about the hidden treasures in Cotabato and their wide acceptance on social media.

Keywords: Teacher, Empire of Cotabato, Lens, Expression, Hidden Treasures, Netizens, and Travelogue.

## Panimula

Malaki ang nagiging ambag ng teknolohiya sa pagpasok ng mundo sa makabagong panahon lalong-lalo na sa ibang bansa ay nagdala ng maraming bagong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay gaya ng komunikasyon at pag-aaral. Nakatuon ang pag-aaral sa ika-21 siglo sa globalisasyon inihahanda ang mag-aaral na magiging globally competitive upang harapin ang hamon ng buhay lalo na sa panonood ng mga travelog na makikita sa Internet at mai-apply sa totoong buhay. Ayon kay Hooper (2017), ang internasyonal na karanasan ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng bagong pandaigdigang pananaw at sa bilang ng mga lebel na inilapat sa pagsulat ng paglalakbay. Ayon kay Tugano (2022), ang problemang ito ay ang Pagpapalaganap ng Stereotype at Orientalismo. Ayon kay Jamandra (2017), kilala ang probinsiya ng Timog Cotabato sa mga magagandang tanawin at destinasyong panturismo, tulad ng Lake Sebu at ang Seven Falls.

Ayon sa pag-aaral ni Lorenzo, et. al (2001), ang kakulangan ng Lokal na Travelog, kakaunti ang naglalaman ng mga hindi gaanong kilalang lugar, lalo na sa mga probinsya o rural na lugar sa Pilipinas ayon sa maraming pag-aaral at travelog ang nakatuon sa mga sikat na destinasyon sa ibang bansa. Karamihan sa mga pag-aaral ay nakatuon sa destinasyon mismo, ngunit kulang ang pananaliksik tungkol sa personal na pananaw, layunin, at istilo ng mga travelog writers sa pagsusulat ng kanilang mga karanasan dagdag pa niya. Epekto ng Travelog sa Turismo, bagamat maraming travelog ang naglalaman ng impormasyon tungkol sa iba't ibang lugar, kulang ang pag-aaral sa epekto nito sa turismo—kung paano nito naaapektuhan ang desisyon ng mga turista sa pagpili ng destinasyon. Susunod ay ang Travelog sa Digital Age, sapagkat marami nang travelog ang nasa anyo ng blogs at vlogs, ngunit may limitadong pananaliksik tungkol sa epekto ng social media at digital platforms sa pagbabago ng paraan ng pagsulat at pagpapalaganap ng travelog. At ang Pagsusuri sa Wika at Estilo, karamihan sa travelog ay nakasulat sa Ingles o pormal na Filipino, ngunit kakaunti ang pag-aaral sa paggamit ng diyalekto o iba pang malikhaing estilo ng pagsusulat sa travelog upang mas maipahayag ang tunay na karanasan ng awtor.

Kung kaya sa pag-aaral na ito nais patunayan ng mananaliksik ang mga nakatagong yaman sa imperyo ng Cotabato sa pamamagitan ng pagpapakita ng Travelog at malaman ang impak nito sa netizens. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito na may layuning magamit ang travelog at karaniwan na pagtuturo upang makapaglaan ng malaking kontribusyon sa pagtuturo ng Filipino batay sa magiging resulta ng pag-aaral.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang reaksiyon ng mga netizens sa Vlog na itinapok na Travelog: Mga Nakatagong Yaman sa Imperyo ng Cotabato sa Lente ng Isang Guro sa Filipino pagkalipas ng 1 oras, araw at 1 linggo sa taong panuruan,2024-2025.

Sinikap na tugunan ng mananaliksik ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga natatanging mga magagandahang tanawin na nakatago sa Imperyo ng Cotabato?

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

2. Ano ang kalidad ng Travelog ng Mga Nakatagong Yaman sa Imperyo ng Cotabato sa Lente ng Isang Guro sa Filipino ayon sa:

2.1 Nilalaman;
2.2 Kaangkupan;
2.3 Produksyon;
2.4 Ekspresyon; at
2.5 Interaksyon?

3. Ano-ano ang reaksiyon ng mga netizens sa travelog ayon sa ;


3.1. 1 oras;
3.2. 1 araw; at
3.3. 1 linggo?

## Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga nakatagong yaman sa Imperyo ng Cotabato, na tinatalakay sa pamamagitan ng mga video na ginawa ng isang guro sa Filipino. Ayon sa Multimedia Learning Theory ni Mayer (2018), napapahusay ang pagkatuto kapag ang impormasyon ay ipinapakita sa iba't ibang format, tulad ng teksto, visual, at audio. Ang mga video ng mga tourist spots ay nakakatulong upang gawing mas engaging at memorable ang pagkatuto sa pamamagitan ng visual at auditory stimuli. Gayundin, ang Experiential Learning Theory ni Kolb (1984) ay nagpapakita na ang mga indibidwal ay natututo nang pinakamahusay kapag nakakaranas sila ng mga aktwal na karanasan, kaya ang paggawa ng mga video ay isang mahalagang bahagi ng aktibong pagkatuto.

Kasama rin sa teoryang ginagamit ang Situated Learning Theory nina Lave, et. al. (1991), na nagsasabing ang pagkatuto ay mas epektibo kapag ito ay isinusuong sa isang makabuluhang konteksto. Ang mga video ng mga tourist spots ay nagbibigay ng mga mag-aaral ng pagkakataon na maranasan ang mga atraksyon sa isang makulay at makabuluhang paraan, na tumutulong sa pag-unawa ng kultura, kasaysayan, at heograpiya ng lugar. Ang balangkas ng pag-aaral ay gumagamit ng mga malayang baryabol tulad ng travelog tungkol sa mga nakatagong yaman sa Cotabato at mga di-malayang baryabol na may kinalaman sa reaksyon ng mga netizens sa vlog sa loob ng isang oras, isang araw, at isang linggo, upang suriin ang integrasyon ng travelog sa kanilang interaksyon at reaksyon.

Mula sa pananaw na ito, nabuo ang mga sumusunod na paradaym ng pag-aaral.



ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

**Pigura 1. Paradaym ng Pag-aaral**

## Metodolohiya

### Disenyo

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay kuwalitatibong pananaliksik partikular na photo-elicitation upang malaman ang nakatagong yaman sa imperyo ng Cotabato sa lente ng isang guro sa Filipino sa mga netizens. Titingnan ng mananaliksik kung ano-ano ang reaksiyon ng netizen sa mga napanood na Travelog sa;1 oras, 1 araw at 1 linggo. Ayon kay Loeffler (2010), ang "photo elicitation" ay nagbigay ng modelo para sa collaborative na pananaliksik kung saan binibigyang-kahulugan ng mga kalahok ang kanilang mga larawan at kahulugan ng photographic para sa mananaliksik. Ang qualitative analysis ng data ng panayam ay nagsiwalat ng tatlong nagpapaliwanag na tema: espirituwal na koneksyon sa labas, koneksyon sa iba sa pamamagitan ng panlabas na karanasan, pagtuklas sa sarili at pagkakaroon ng mga pananaw sa pamamagitan ng panlabas na karanasan. Ang mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay kahanay ng mga naunang natuklasan sa pananaliksik habang nagmumungkahi ng karagdagang mga paraan ng pagtatanong gamit ang photo elicitation.

### Lugar ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa buong Imperyo ng Cotabato kasama dito ang mga iba't ibang lugar na matatagpuan sa Timog Cotabato, Probinsiya ng Cotabato at Hilagang Cotabato na may kaaya-ayang tanawin.

Ang mga lugar na pagdadausan ng pag-aaral ay ang mga sumusunod; *Sunrise Garden-Lake Sebu, South Cotabato,Hikong Bente Falls ng Lake Sebu, South Cotabato, Dreamweavers Hill ng Lake Sebu, South Cotabato, Bakngeb River Cave-Tboli, South Cotabato, Lake Agco Boiling Mud, Kidapawan City, Mt. Apo Jacuzzi Antapan Mountain Resort ng Kidapawan City, Donhills Spring Resort ng Kidapawan City, Danmel Resort ng Kidapawan City, Alfonso's Ridge ng Kidapawan City, Manobisa Falls ng Magpet, North Cotabato, Lantaw Apo Mountain Resort ng Magpet, North Cotabato, Gerona Hot and Spring Resort ng Magpet, North Cotabato, Tousuvan Eco Park, Bongolanon, Magpet, North Cotabato, Maeruwon Mountain View Resort, Magpet, Mambucal Sulphur Spring Resort, Koronadal City, Damweng Dmatal ng Koronadal City at Lantaw Marbel ng Koronadal City.*

Ang mga ito ay napili ng mananaliksik upang makita ang nakatagong kagandahan ng mga nakatagong yaman dito. Upang malaman din ang kultura at istorya ng mga kilala at bagong usbong na turismo sa imperyo ng Cotabato para maging *reference material* ito para sa mga guro na hindi makapasyal.

### Respondente

Ang naging target na mga respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga balideytor na binubuo ng; 2 eksperto sa IT at 4 bihasa sa asignaturang Filipino na manonood sa mga

travelog na i-post ng mananaliksik at aalamin ng mananaliksik kung ano-ano ang mga reaksiyon nito sa loob ng :1 oras, 1 araw at 1 linggo.

**Instrumento**

Ang metodolohiya ng pananaliksik ay naglalaman ng masusing proseso ng pagbuo at pagsusuri ng talatanungan upang matukoy ang kalidad ng mga travelog. Ang pag-involve ng mga eksperto sa IT at mga bihasa sa Filipino ay nagsisiguro ng teknikal na wasto at angkop na mga tanong, na may mataas na context validity index na 0.896, nagpapakita ng pagiging angkop at bisa ng mga instrumentong ginamit sa pagsusuri.

Ang Talahanayan ay nagbibigay ng malinaw na gabay sa pag-interpret ng mga resulta ng pagsusuri, kung saan ang mga marka ay iniuugnay sa deskripsiyon ng kalidad ng travelog. Ang detalyadong eskala ay tumutulong sa mga mananaliksik at tagapagpayo upang masusing suriin at itama ang mga aspeto ng travelog. Sa kabuuan, ang metodolohiya at mga instrumentong ginamit ay nagpapakita ng isang komprehensibo at sistematikong approach, tinitiyak ang kredibilidad at bisa ng mga resulta.

**Proseso sa Pangangalap ng Datos**

Ang proseso ng pangangalap ng datos at paggawa ng travelog ay nagsisimula sa paghingi ng pahintulot mula sa Dekana ng Paaralang Graduwado ng SKSU. Pagkatapos makuha ang pahintulot, gagawa ng itinerary ang mananaliksik at magsisimula ng paggawa ng travelog sa loob ng isang linggo. Kasunod nito, mangangalap ng datos mula sa mga magagandang tanawin at iba pang lugar na isasama sa travelog. Pagkatapos makolekta ang mga video, hahanap ng propesyonal na editor upang ayusin ang mga ito. Matapos ma-edit, ipo-post ang travelog sa Facebook at bubantayan ang mga reaksyon sa itinakdang oras—isang oras, isang araw, at isang linggo. Tinitiyak din ng mananaliksik na ang mga travelog ay magiging kapaki-pakinabang sa mga aralin ng iba't ibang asignatura. Ang buong proseso ay layuning makagawa ng edukasyonal na materyales na magagamit sa pag-aaral.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Sa pagtatampok ng magagandang tanawin sa pag-aanalisa ng datos sa *travelog* ng Imperyo ng Cotabato, gagamitin ang mga sumusunod na estadistikal na pamamaraan upang masuri at ipakita ang mga reaksyon ng mga *netizens*, pati na rin ang epekto ng mga tanawin sa kabuuang kalidad ng *travelog* ay ang *mean at standard deviation,* ito ay makatutulong sa pagtukoy ng *average* na *rating* ng mga *netizens* sa kalidad ng mga tanawin na ipinakita sa *travelog* at ang *mean* sa pagsukat ng reaksyon ng mga *netizens* sa iba't ibang aspeto ng mga tanawin sa Imperyo ng Cotabato**.**

**Mga Konsiderasyong Etikal**

Ang mga konsiderasyong etikal sa paggawa ng travelog tungkol sa Imperyo ng Cotabato ay kinabibilangan ng mga sumusunod na hakbang: (1) Pagkuha ng pahintulot at pagtiyak na ang mga respondente ay may malinaw na kaalaman sa layunin ng pananaliksik

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

bago lumahok; (2) Paggalang sa desisyon ng mga respondente at sa kanilang karapatan na hindi magbahagi ng impormasyon; (3) Pagpapaliwanag na ang travelog ay hindi lamang para sa libangan kundi para rin sa edukasyon at pagpapahalaga sa kultura ng Cotabato; (4) Paggalang sa kultura at pananaw ng mga lokal, pati na rin ang tamang representasyon ng mga Indigenous People (IP); (5) Pagtatala ng impormasyon nang tumpak at may proteksyon sa mga pribadong detalye ng mga kalahok; (6) Pagkuha ng pahintulot bago kumuha ng larawan o video, at (7) Responsableng paggamit ng wika at pagtutok sa pagiging patas sa paglalarawan ng lugar at mga tao. Mahalaga rin ang pagtataguyod ng responsableng turismo at pangangalaga sa kalikasan at komunidad sa pamamagitan ng travelog.

## Resulta

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang pangkalahatang resulta ng antas ng Kalidad ng Travelog na sinukat ayon sa Kaangkupan, Nilalaman, Produksyon, Ekspresyon at Interaksyon.

| **Pamantayan** | **Mean** | **SD** | **Deskriptibong Antas** |
|---|---|---|---|
| 1. Kaangkupan | 4.77 | 0.40 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2.Nilalaman | 4.74 | 0.41 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 3.Produksyon | 4.26 | 0.84 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 4.Ekspresyon | 4.80 | 0.40 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 5. Interaksyon | 4.40 | 0.76 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | 4.59 | 0.56 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ang resulta ng talahanayan ay nagpapakita ng antas ng kalidad ng nabuong travelog batay sa iba't ibang aspeto: Ekspresyon, Kaangkupan, Nilalaman, Interaksyon, at Produksyon. Ang Ekspresyon ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.80 (SD=0.40), habang ang Produksyon naman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.26 (SD=0.84). Ang pangkalahatang resulta ay nakakuha ng mean na 4.59 (SD=0.56), na itinuturing na "Lubos na Katanggap-tanggap."

Sa paglalarawan, ang Ekspresyon ay may mataas na mean score at mababang standard deviation, na nagpapakita ng mataas na kalidad ng pagpapahayag. Sa kabilang banda, ang Produksyon ay may pinakamababang mean. Ang Ekspresyon ay may tamang tono, boses, at ekspresyon na nakaaakit sa mga manonood at nakatutok sa kanilang interes.

Ayon sa mga eksperto, ang vlogging ay isang paraan ng pagpapahayag ng mga damdamin, opinyon, at karanasan, at may malaking papel sa edukasyon at digital marketing. Ang paggamit ng vlogs sa edukasyon ay maaaring magbigay ng kinakailangang impormasyon at kaalaman sa mga mag-aaral, habang ang digital marketing ay isang mahalagang paraan ng direktang komunikasyon ng mga kumpanya sa kanilang madla.

**Talahanayan 2. Resulta ng Reaksyon ng mga Netizen sa Nabuong Travelog Batay sa Mean**

| | Like | Heart | Wow | Care | Share | Views | Comments |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkalipas ng isang oras | 48 | 144 | | 8 | 15 | 2705 | 68 |
| Pagkalipas ng isang araw | 84 | 325 | 1 | 19 | 29 | 9571 | 104 |
| Pagkalipas ng isang linggo | 122 | 405 | 1 | 19 | 29 | 13332 | 124 |
| | | | | | | | |
| Mean ng Resulta ng Views | | | | | | | |
| **Mean** | **84.6667** | **291.3333** | **1** | **14.667** | **24.333** | **8536** | **98.66667** |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng reaksyon ng mga netizens sa isang post tungkol sa "labimpitong nakatagong yaman sa Imperyo ng Cotabato" sa tatlong magkaibang oras: isang oras, isang araw, at isang linggo. Sa unang oras, ang post ay nakatanggap ng 48 Likes, 144 Hearts, 8 Care reactions, 15 Shares, 2705 Views, at 68 Comments. Pagkalipas ng isang araw, tumaas ito sa 84 Likes, 325 Hearts, 1 Wow, 19 Care, 29 Shares, 9571 Views, at 104 Comments. Pagkalipas ng isang linggo, umabot na ito sa 122 Likes, 405 Hearts, 1 Wow, 19 Care, 29 Shares, 13332 Views, at 124 Comments, na nagpapakita ng lumalaking interes at aktibong partisipasyon ng mga netizens.

Ang mga reaksyon tulad ng likes, hearts, at shares ay nagpapakita ng positibong pagtanggap at suporta mula sa mga netizens, habang ang "Wow" reaction ay indikasyon ng paghanga. Ang steady na 29 Shares ay nagpapakita ng patuloy na pagpapakalat ng post, habang ang dumaraming Views at Comments ay nagpapakita ng lumalawak na pag-abot at aktibong diskusyon sa post. Ang patuloy na pagtaas ng mga reaksyon mula sa isang oras, isang araw, at isang linggo ay nagpapahiwatig ng matagumpay na pagpapalaganap ng post at mas malawak na social media engagement.

Ayon sa mga eksperto, ang vlogging ay isang makapangyarihang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at opinyon. Ayon kay Brott (2019), ang vlogging ay nakakakuha ng interes ng mga mag-aaral at naghihikayat ng kritikal na pagmumuni-muni. Ayon naman kay Wang (2022), ang kultura ng vlogging ay mabilis na lumaganap sa China at ginagamitan ng social media platforms upang palaganapin ito. Ang vlogging ay isang uri ng blogging na gumagamit ng video bilang format, kung saan ang mga mensahe ay inihahatid sa pamamagitan ng visual na gawi at mga binigkas na salita.

## Interpretasyon

Batay sa resulta ng pananaliksik, itinampok ang mga nakatagong yaman sa Imperyo ng Cotabato tulad ng Sunrise Garden sa Lake Sebu, South Cotabato, Hikong Bente Falls, Bakngeb River Cave sa Tboli, at marami pang iba. Ang mga natural na yaman at mga resort na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga lugar na maaaring magsilbing atraksyon sa mga turista. Sa pagsusuri ng kalidad ng mga nabuong travelog, ipinakita na ang ekspresyon ng nilalaman ang may pinakamataas na rating na 4.80, habang ang produksyon naman ang may pinakamababang mean na 4.26. Ang kabuuang mean ng kalidad ng travelog ay 4.59, na may deskriptibong antas ng "Lubos na Katanggap-tanggap."

Sa mga reaksyon ng netizens sa post tungkol sa "labimpitong nakatagong yaman sa Imperyo ng Cotabato," makikita ang patuloy na pagtaas ng engagement mula sa isang oras, isang araw, at isang linggo. Sa unang oras, ang post ay nakatanggap ng 48 Likes, 144 Hearts, at 68 Comments. Pagkalipas ng isang araw, tumaas ito sa 84 Likes, 325 Hearts, at 104 Comments. At sa isang linggo, patuloy na dumami ang mga reaksyon, na may 122 Likes, 405 Hearts, at 124 Comments. Ang patuloy na pagtaas ng mga likes, hearts, shares, views, at comments ay nagpapakita ng lumalaking interes at engagement ng mga netizens sa post, na indikasyon ng matagumpay na pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga nakatagong yaman ng Cotabato.

**Konklusyon**

Ang Imperyo ng Cotabato ay isang lugar na may kamangha-manghang tanawin at likas na yaman, na hindi lamang kaakit-akit sa mga turista kundi may mahalagang papel sa kultura at kasaysayan ng rehiyon. Kabilang dito ang mga talon, lawa, bundok, at natural na spring, na nagsisilbing simbolo ng kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan at kultura.

Ang travelog na "Mga Nakatagong Yaman sa Imperyo ng Cotabato" ay isang epektibong presentasyon ng mga tanawin at kultura ng rehiyon. Pinapakita nito ang mga natatanging tanawin ng Cotabato at nagbigay ng mahalagang impormasyon sa mga mambabasa at manonood. Ang mga larawan at video ay mahusay na ginawa, at ang pagsasalaysay ay masining, na nagpapaabot ng damdamin at pagpapahalaga sa kalikasan. Ang mga netizens ay aktibong nakilahok, na nagpapakita ng positibong reaksyon at lumalaking interes sa Cotabato.

Ang patuloy na pagtaas ng engagement mula sa netizens ay nagpapakita ng tagumpay ng travelog sa pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa mga likas na yaman ng Cotabato. Sa kabuuan, ang travelog ay isang matagumpay na paraan upang ipakilala ang rehiyon at itaguyod ang pangangalaga sa kalikasan at kultura.

**Sanggunian**

Anonymous. (2023). Travel essay in Filipino context. Retrieved from https://www.studocu.com/ph/document/capitol-university/general-chemistry/aralin-9-travel-essay-in-filipino-context/47429381

Aran, O., Biel, J. I., & Gatica-Perez, D. (2014). Broadcasting oneself: Visual discovery of vlogging styles. IEEE Transactions on Multimedia, 16(1), 201–215. https://doi.org/10.1109/tmm.2013.2284893

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non-Language Pre Service Teachers. International Journal of Arts, Sciences and Education,

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Brott, P. E., et al. (2019). Vlogging your way to reflexivity. In Innovative Teaching and Learning Conference, University of Tennessee.

Hooper, G. (2017). Perspectives on travel writing: Free download, borrow, and streaming. Internet Archive. https://archive.org/details/perspectivesoontr0000unse_zon3

Behavior.

Kellin, P., et al. (2014). Bakit kailangan mong maging unang kausap tungkol sa isang paksa sa blog? BlogPascher. Retrieved from https://www.blogpascher.com

Ki. (2021). Kaibahan ng blog at vlog – Halimbawa at kahulugan. PhilNews; Philippine News. https://philnews.ph/2021/01/18/kaibahan-ng-blog-at-vlog-halimbawa/

Kolb, D. A., Boyatzis, R. E., & Mainemelis, C. (2014). Experiential learning theory: Previous research and new directions. In Perspectives on thinking, learning, and cognitive styles (pp. 227–247). Routledge.

Lee, S. M. (2018). Effects of social media interactions on tourism marketing. Journal of Destination Marketing & Management, 8, 38-44. https://doi.org/10.1016/j.jdmm.2017.11.00

Loeffler, T. A. (2010). Assisting women in developing a sense of competence in programs. Journal of Experiential Education, 20(3), 119–124.

Lorenzo, C., et al. (2001). Literatura ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas (621 p.; 25 cm). Grandwater Pub. ISBN: 9717250758.

Mayer, R. E. (2018). Systematic thinking fostered by illustrations in scientific text. Journal of Educational Psychology, 81, 240–246.

Mayer, R. E. (2018). Cognitive theory of multimedia learning. In R. E. Mayer (Ed.), The Cambridge handbook of multimedia learning (pp. 31–48). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511816819.004

O'Brien, B. C., & Battista, A. (2020). Situated learning theory in health professions education research: A scoping review. Advances in Health Sciences Education, 25, 483-509.
.
Sayaboc, E. (2015). K-12 based worktext in Araling Panlipunan for grade 9: Its acceptability (Master's Thesis). Philippine Normal University, Manila.
Sayaboc, E. (2015). K-12 based worktext in Araling Panlipunan for grade 9: Its acceptability (Master's Thesis). Manila: Philippine Normal University.

Tugano, A. C. (Ed.). (2023). Banwa at layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, pp. 355-359.

Tugano, A. C. (2022). Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino.

Unknown. (n.d.). Ang kahalagahan ng vlogging. Ang Kahalagahan ng Vlogging. https://luigieparadiang.blogspot.com/2016/12/ang-kahalagahan-ng-blogging

Villamor, K., et al. (2024). Unveiling tourism potential: Exploring perceptions of tourism impact and place image to community support for tourism development in Cotabato Province. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 19(3), 367–380. https://doi.org/10.5281/zenodo.11063519

Wang, B. (2022). Research on the international communication of Zhenjiang regional culture based on short video. Cultural and Religious Studies, 10(9), 536–540.

Wang, X. (2022). imec-SMIT, Department of Communication Sciences, Vrije Universiteit Brussel, Pleinlaan 9 (4th floor), 1050 Brussels, Belgium. Email: Xiaoxian.Wang@vub.be